

KAMTIN ANG MALALAKING PAGSULONG NG DIGMANG BAYAN

Komiteng Rehiyon sa Cagayan Valley Partido Komunista ng Pilipinas

Marso 29, 2021

Ipinaaabot ng Komiteng Rehiyon sa Cagayan Valley ng Partido Komunista ng Pilipinas ang Pulang pagsaludo sa mga yunit, opisyal at kawal sa ilalim ng pangrehiyong pamatnugutan sa operasyon (Fortunato Camus Command) ng Bagong Hukbong Bayan sa Cagayan Valley, at gayundin sa lahat ng mga kumander at mandirigma ng BHB sa buong bansa sa pagdiriwang sa ika-52 anibersaryo ng pagkakatatag nito. Binabati namin kayo sa inyong kabayanihan at katatagan sa pagpapatupad sa mga rebolusyonaryong tungkulin sa buhay-at-kamatayang pakikibaka para sa pambansang kalayaan at tunay na demokrasya.

Kaisa kami ng sambayanang Pilipino at mga rebolusyonaryong pwersa nila na lipos sa kagalakan sa inyong mga nakamit na tagumpay sa armadong pakikibaka at iba pang linya at saklaw ng rebolusyonaryong gawain sa nagdaang isang taon. Sa kabila ito ng mga kahirapan at sakripisyo sa pagharap sa nakapokus na operasyong militar ng kontra-rebolusyonaryong hukbo ng rehimeng US-Duterte. Walang pag-iimbot ninyong ipinanguna ang interes ng sambayanan at sumuong kayo sa mga labanan, at dahil dito'y napanday kayo bilang di-magagaping hukbo na patuloy na bumibigo sa mga kontra-rebolusyonaryo at kontra-mamamayang pakana ng rehimen.

Inaalayan din natin ng pinakamataas na parangal ang mga rebolusyonaryong martir at bayaning nag-alay ng kanilang buhay sa nagdaang isang taon at bago pa nito. Pinakatampok sa kanila ang mga naging kagawad ng Komite Sentral ng Partido na sina kasamang Julius Guiron, Eugenia Magpantay, Agaton Topacio, Antonio Cabanatan at Fidel Agcaoili, at gayundin si Randall Echanis. Gayundin ang mga mahal nating sina kasamang Rosalino “Ka Yuni” Canubas na pangrehiyong kumander natin at kagawad ng kalihiman ng Komiteng Rehiyon, Mary Grace “Ka Tina” Bautista na kagawad din ng Komiteng Rehiyon at pangrehiyong opisyal ng BHB, at Renato “Ka Andong” Busania, Dominador “Ka Bob” Vilorio, “Ka Princess” Villareal, Aladin “Ka Belsot” Bulan at Joshua Regalado na pawang mga kadre ng Partido na nasa mga yunit ng BHB na kumikilos sa Isabela, Quirino at Nueva Vizcaya. Kung hindi dahil sa kanilang kabayanihan at pagpapakasakit, hindi sana narating ng rebolusyonaryong kilusan ang kasalukuyang antas na inabot nito.

Hinarap natin sa nagdaang isang taon ang isang bagong kalagayan sa panahon ng pandemyang COVID-19. Nagsimula tayo sa pag-angkop sa sitwasyong lalong bumangis ang pagsalakay ng buong makinarya ng dahas at panunupil ng rehimeng US-Duterte kasabay ng paglukob ng pandemya sa buong bansa, at sa proseso ay nagtamo ng makakabuluhang pagsulong. Alam ng mamamayan na sa likod ng mga pagtatambol ng kaaway sa diumanong malaking paghina ng BHB at suportang masa nito, sumusulong at lumalakas ang hukbong bayan at digmang bayan sa hilagang-silangang Luzon.

Walang Kaparis na Krisis sa Daigdig at Bansa

Higit kaysa kailanman ay lalong tumaba ang lupa para sa rebolusyon. Bago pa lumitaw ang pandemyang COVID-19, halos isa at kalahating dekada nang mabilis na sumasahol ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista at naghaharing sistema sa Pilipinas.

Sa halip na lutasin, lalong pinalala ng neoliberalismo ang krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Pinasasahol nito ang krisis ng labis na produksyon sa pamamagitan ng lalo pang pagpapahirap sa mamamayan. Hindi naibsan, bagkus tumindi pa, ang idinulot nitong pandaigdigang depresyon sa ekonomya na lumigalig sa daigdig mula noong krisis sa pinansya ng 2008.

Ginagamit ng monopolyong burgesya ang estado upang hadlangan ang paglaban ng mamamayan sa tumitinding pagsasamantala. Pinapaypayan nito ang mga tunguhing ultra-reaksyunaryo, laluna ang pasismo, bilang panghalili sakaling mabigong panatilihin ng liberal demokrasya ang umiiral na kaayusang panlipunan. Ipinapakita ng walang-humpay na paglulunsad ng United States ng mga gyera mapanghimasok kung hanggang saan gagamit ang imperyalismo ng dahas para supilin at pagsamantalahan ang mamamayan.

Hindi lamang inilantad kundi pinatindi pa ng pandemyang COVID-19 ang kronikong krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Ibinuyangyang nito ang kawalang-kahandaan ng monopolyong burgesya na harapin ang ganyang-kabilis lumaganap na bayrus at ang masaklap na epekto nito sa mamamayang malaon nang nagdurusa sa makauring pagsasamantala, lubhang di-pagkakapantay-pantay, malaganap na karalitaan at pagkakait ng mga panlipunang serbisyo sa larangan ng pampublikong kalusugan, edukasyon at pabahay.

Bagama't ang pangunahing bigat ng hambalos ay humataw sa proletaryado at petiburgesya, tinamaan at bumagsak din ang tubo o nabangkrap maging ang ibang bahagi ng malaking burgesy. Lalo namang nakonsentra ang yaman sa kamay ng maliit na bilang ng monopolyong burgesy. Mas malaki na ang halaga ng 30 pinakamayayamang bilyunaryo kumpara sa apat na bilyong pinakamahihirap na tao o higit kalahati ng populasyon ng mundo.

Nabulgar ang napakababang pagpapahalaga ng mga estadong imperyalista at kliyente nila sa kalusugan ng mamamayan. Napakaunti ang inilalaan nila para sa kalusugang pampubliko gayong super-ganansya ang hinahakot ng mga imperyalista at mga naghaharing uri sa mga bansang kliyente nila mula sa pagpiga sa lakas-paggawa ng mga gumagawang mamamayan, at napakalaking halaga ang winawaldas sa militar at iba pang kasangkapan nila ng pagsupil sa mamamayan. Ang US na pinakamalakas na imperyalistang kapangyarihan ay siya namang may pinakamaraming nagkasakit at nasawi dahil sa COVID-19.

Kabaliktaran nito ang kahanga-hangang pagharap sa pandemya ng mga bansang naggigiit ng pambansang pagsasarili at may sosyalistang hangarin katulad ng Cuba, People's Democratic Republic of Korea at Vietnam.

Tumatalas ang inter-imperyalistang kontradiksyon, laluna sa pagitan ng US at China na mga nangungunang imperyalistang kapangyarihan. Habang lalong nagiging proteksyunista ang mga ito laban sa isa't isa, patuloy nilang ginagamit ang patakarang neoliberal upang ipabalikat ang bigat ng krisis sa mga di-gaanong maunlad at atrasadong bansa. Umiinit ang girian ng US at China sa usapin ng pagtatayo ng mga pasilidad militar at pagkontrol ng China sa West Philippine Sea.

Ginigipit at pinanghihimasukan ng US at mga kaalyadong imperyalista ang mga bansang matatag na naggigiit ng pambansang pagsasarili, kagaya ng Venezuela, Iran at Syria. Pinalalaki ang mga pangmilitar na ayuda at pakikialam sa mga neokolonyal na estado nito.

Kasabay niyon, namalas mula 2019 ang pagbabangon ng milyun-milyong mamamayan mula sa sentro ng pandaigdigang kapitalismo hanggang sa mga atrasadong bansa upang labanan ang sari-saring anyo ng kapitalistang pagsasamantala at panunupil, imperyalistang panghihimasok at pasismo ng estado. Nagpatuloy ang mga armadong paglaban sa mga bansang atrasado at malakolonyal at malapyudal, na ang pinaka-namumukod-tangi ay ang mga digmang bayang nasa pamumuno ng mga Marxista-Leninista-Maoistang Partido. Inihudyat ng sitwasyong ito ang simula ng panibagong pag-agos ng pakikibaka ng mamamayan sa pandaigdigang saklaw laban sa imperyalismo at reaksyon.

Inianak at bahagi ng pagsahol ng krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista ang pagtindi ng krisis ng sistemang malakolonyal at malapyudal sa Pilipinas. Mula noong krisis sa pinansya ng 2008, nabawasan ang demanda para sa hilaw na materyales at mala-manupakturang pang-eksport ng bansa, bumaba ang kita sa foreign exchange na pambayad sa namanupakturang ini-import, lumaki ang depisit sa kalakalan at badyet, at mabilis na lomobo ang pampublikong utang.

Grumabe lalo ang kalagayan dahil sa mga lockdown ng 2020, na tumagpas nang malaki sa demanda hindi lamang sa mga nabanggit kundi pati sa paggawa ng mga Pilipino sa ibang bansa. Ilang milyong

manggagawang migrante ang nag-uuwian, na nagbubunga ng malaking bawas sa remitans na pambayad para sa mga inaangkat at pagseserbisyo sa dayuhang utang.

Tumigil sa pag-inog ang 75 porsyento ng ekonomya, na nagbunga ng malawakang disempleyo at pagsasara ng maliliit at maging malalaking negosyo. Kagaya ng sa US, pinakamalala na ang inabot na paglagapak ng pambansang ekonomya mula pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Sa simula pa lamang ay palso, palyado at pabaya na ang naging pagharap ng rehimeng Duterte sa pandemya. Sa halip na panghawakan ang siyentipiko at medikal na paraan ng pagsawata sa pagkalat ng bayrus, ipinanguna ng rehimen ang mga militaristang paraan sa anyo ng mga paghihigpit sa galaw ng mga tao na nagbunga ng maramihang paglabag ng militar at pulisya sa mga karapatang tao, at ipinakarga sa mga aktibo at retiradong heneral ang malalaking tungkulin sa pagharap sa pandemya.

Sa ngalan ng pagkontrol sa pandemya, mabilis na pinalaki ng rehimeng Duterte ang panlabas na utang ng bansa. Magsasagawa diumano ito ng mass testing, sapat na serbisyong medikal at pang-ekonomyang tulong sa mga nawalan ng trabaho at iba pang mapagkakakitaan. Pero napunta naman sa bulsa ni Duterte at ng kanyang pangkatin ang P590,000 billion na nailaan sa mga iyon.

Nito lamang, muling nagpataw ng mga lockdown sa National Capital Region at mga kalapit na lalawigan, na kinundena ng malapad na hanay ng mamamayan at pwersa bilang patunay sa kainutilan ng rehimen sa pagharap sa pandemya. Samantalang may P126.75 billion na sa kalakhan ay mula utang sa dayuhan para sa pagbili ng bakuna, 1,125,000 donasyong bakuna pa lamang ang naipapalaganap. Pinakahuli ang Pilipinas sa mga bansa sa silangang Asya sa pagpapalaganap ng bakuna kontra sa COVID-19.

Kasabay niyo'y dinagdagan ang badyet ng militar sa layuning patindihin ang panunupil. Nagpupuyos ang mamamayan sa pambabarat at pambabalasubas ng rehimen sa paglalaan ng sapat na pondo sa pagharap sa pandemya at pampublikong kalusugan, sa pagtulong sa mga naapektuhan ng kabuhayan dulot ng mga lockdown, at sa edukasyon; pero kasabay niyo'y sige ang buhos ng bilyong halaga para sa mga panggyerang armas na panlupa at panghimpapawid sa kanyang hibang na kampanyang kontra-insurhensya. Pinalaki pa nito ang mga pwersang militar at paramilitar at pinalakas ang kakayahan sa paniniktik.

Sa gitna ng pagkaligalig ng bansa sa pagharap sa pandemya, ipinuslit ni Duterte at mga alagad niya ang pagsasabatas sa Anti-Terrorism Law, na isang batas sa terorismo ng estado. Ito'y para maisakatuparan ang iskema ng pasistang diktadura kahit bago pa maganap ang inaasahang pagbabago ng konstitusyon at ng pagpoproklama ng martial law sa buong bansa.

Umiiral ang civilian-military junta, na ginagampanan ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC) at pinamumunuan mismo ni Duterte at mga retirado at aktibong heneral. Ipinailalim dito ang lahat ng mga ahensyang sibilyan ng estado sa kontrol ng militar. Natupad ang pangarap ni Duterte na maging katulad ni Marcos bilang isang pasistang tirano, kahit hindi pa nito pormal na idinedklara ang martial law sa buong bansa.

Hindi paglutas sa napakalalaki at kagyat na mga pambansang problema ang prayoridad ng rehimen. Dapat sana'y ibinaling nito ang pinakamalaking pondo mula sa pambansang badyet sa taong 2021 para

palakasin ang sistemang pangkalusugan at tulungan ang napakalaking bilang ng mamamayang nawalan ng ikinabubuhay at mga negosyong nagsara sa panahon ng mga lockdown. Sa halip, ipinanguna nito ang pagtustos sa mga proyekto sa imprastraktura, na pawang hindi nakaugnay sa pagbawi at paglakas ng lugmok na ekonomya o sa pagsawata sa pandemya bilang kagyat na sanhi ng malaking pagdausdos sa kabuhayan at kaligtasan ng mamamayan.

Pinitikan lamang ng rehimen ng ga-bunton na P2.5 billion ang para sa pagbili ng bakuna, habang ibinuhos ang ga-bundok na badyet para sa kontra-insurhensya: P19 billion para sa NTF-ELCAC at humigit kumulang P33 billion para sa “modernisasyon” ng AFP.

Lalong nalantad ang kapabayaang rehimen sa garapalang pagsawalang-bahala nito sa kalunus-lunos na kalagayan ng mamamayang hinagupit ng mga kalamidad sa Cagayan Valley at malawak na bahagi ng Luzon noong Nobyembre.

Walang anumang ginawa si Duterte para pahinain ang lahatang-panig na dominasyon ng US sa Pilipinas. Napahigpit ang kanyang hawak sa kapangyarihang pang-estado at nakapandambong sa yaman ng bayan dahil sa krusyal na suporta ng US sa pagpapatupad niya ng terorismo ng estado. Noong una ay nagbantang ipapawalang-bisa ang Visiting Forces Agreement pero agad niyang binawi at nabisto na ang tangi lamang niyang layunin ay makahingi ng mas malaking ayudang militar mula sa US. Kasabay niyon, humahamig din siya ng sariling pakinabang mula sa pagbebenta sa China sa soberanong karapatan ng mamamayang Pilipino sa West Philippine Sea. Hinayaan niya ang China na magtayo ng pitong baseng militar sa eksklusibong pang-ekonomyang sona ng Pilipinas, kontrolin ang national power grid at magtayo ng mga cell tower sa mga kampong militar ng AFP. Habang nagdodoble-kara sa kanyang relasyon sa dalawang magkaribal na imperyalistang kapangyarihan, nanganganib siyang mapag-initan ng alinman sa dalawa.

Sa pagpasok ng 2021, nagkumahog si Duterte sa pagratsada sa pagbabago ng konstitusyon katulong ang mga kapangkat nito sa Mababang Kapulungan. Hangad nilang makapagpanatili sa puwesto ang pangkating Duterte nang lampas sa 2022. Kasama ang hakbanging ito sa pagmamaniobra ng pangkating Duterte na makapangunyapit sa poder, na kinabibilangan din ng posibilidad na magdeklara ng “rebolusyong gubyerno” at dayain ang halalang presidensyal sa Mayo 2022.

Nagdurusa ang Mamamayan ng Cagayan Valley

Bilang bahagi ng pambansang sistemang malakolonyal at malapyudal, lalo pang nagdurusa ang mamamayan ng Cagayan Valley sa matinding hagupit ng tuluy-tuloy na krisis sa ekonomya at pasistang terorismo ng estado. Pinakamabigat ang tama nito sa mga maralita at nakabababang-panggitnang magsasaka at manggagawang bukid na bumubuo ng malaking mayorya ng populasyon sa rehiyon.

Patuloy ang marami at iba’t ibang anyo ng pangangamkam ng lupa at pagkakait ng karapatan sa lupa ng mga magsasaka at pambansang minorya. Ineengganyo ng estado, na tumatayong pinakamalaking panginoong maylupa sa rehiyon, ang mga mapangamkam-ng-lupang proyekto ng mga ahensya ng reaksyunaryong gubyerno (katulad ng mga sinaklaw ng National Greening Program) at mga pribadong kompanya sa enerhiya (katulad ng solar power farm sa Lallo, Cagayan) at agri-business.

Malaganap ang mga kaso ng pang-aagaw ng lupa ng mga burukratang panginoong maylupa katulad ng ginagawa ng meyor ng Sto Nino, Cagayan at mga usurero-komeryanteng nang-iilit ng lupa sa mga magsasakang hindi nakabayad ng napakataas nilang painteres sa pautang. Patuloy na ipinagkakait sa libu-libong mga magsasaka at minoryang settler ang karapatan nilang ariin ang mga lupang saklaw ng mga kinategoryang Lupang Publiko kahit pa deka-dekada na nilang pinagyaman at pinanahanan.

Ipinaghahambog ng rehimeng Duterte na kabilang daw ang Cagayan Valley sa mga rehiyong nasa proseso na ng pamamahagi ng kabuuang 6,406.6 ektarya ng lupa. Pero hindi libreng pamamahagi ito kundi pagkakaloob lamang ng Certificate of Land Ownership Award. Hindi pa ito para sa tapat na hangarin wakasan ang monopolyo sa lupa ng malalaking panginoong maylupa, kundi para sa buktot na layuning “kontra-insurhensya.” Pero siguradong babawiin din sa mga magsasaka ang “iginawad” sa kanilang mga lupa dahil hindi nila makakayanang bayaran ang amortisasyon niyon sa loob ng mahabang panahon, at maipapasakamay muli sa mga maykaya sa paraan ng “Voluntary Offer to Sell.”

Sa lahat ng mga bayan at baryo sa buong Cagayan Valley, namamayagpag ang sari-saring anyo ng malapyudal na pagsasamantala ng mga usurero at komersyante sa masang magsasaka. Pangunahing sa anyo ito ng napakataas (at sa iba ay patung-patong pa) na interes sa pautang, na kahit matinding tumama ang kalamidad ay babayaran pa rin; sari-saring anyo ng komersyanteng pandaraya sa pagbili sa mga produktong magsasaka; malubhang pambabarat sa presyo ng mais, palay, saging, kamoteng kahoy at iba pang agrikultural na pananim; at contract growing.

Dumarami ang mga regular na manggagawang bukid, hindi lamang dahil sa kasalatan ng lupang mabubungkal kundi sa kakulangan din ng iba pang mapagkakakitaan. Araw-araw silang nililigalig kung saan uli maghahanap ng kita kinabukasan, lalo at patuloy ang paglaganap ng paggamit ng combine harvester at reaper. Dahil sa mga lockdown, malaking nabawasan o nawalan ng pinagmumulan ng ikabubuhay ang libu-libong mga mala-manggagawa. Marami sa kanila ang pinagbawalan ng mga Local Government Unit na magtrabaho kahit sa kalapit-baryo lamang.

Maraming maliliit at katamtamang negosyo ang nagsara. Kabilang sa mga ito ang mga rice mill, na bago pa ang mga lockdown ay lumiliit na ang kita; umaangal ang mga rice miller dahil sa ginawa ng rehimen na pagbabawas ng taripa sa mga inaangkat na bigas mula sa ibang bansa. Nitong huli, nagpahayag ang Department of Agriculture ng muling pagpapababa ng taripa. Hindi lamang mga mangangalakal kundi laluna ang mga magsasaka ang lubhang naapektuhan sa liberalisasyon ng import ng bigas.

Sa livestock industry, 70 porsyento ng mga nagbebenta ng baboy sa rehiyon ang umatras na sa pagbebenta nito dahil sa kawalan ng ayuda mula sa pambansa hanggang mga lokal na yunit ng guberno.

Umabot na sa 7.9 porsyento ang tantos ng implasyon sa Cagayan Valley, na siyang pinakamataas ngayon sa buong Pilipinas. Sa kabila ito ng mga naglipanang proyektong pang-imprastruktura sa halos lahat ng bayan, at milyon-milyong pisong halaga ng “donasyon” ng mga dayuhang kumpanya ng pagmimina gaya ng FCF Minerals Corporation sa Nueva Vizcaya. Napakaliit at tuluy-tuloy na ngang lumiliit ang halaga ng kita ng mamamayan, pinapayagan pa ng mga kapitolyo na pwersahang maningil ng bayad sa kuryente at tubig ang mga pribadong kompanya.

Samantala’y patuloy na hinahayaan ang mga dayuhang kapitalista sa pagmimina kasabwat ang mga lokal na burukrata at kapitalista upang mandambong ng likas na yaman, manalanta sa kapaligiran, mambarat at mamiga sa lakas-paggawa, magdulot ng panganib sa kabuhayan at buhay ng mamamayan, at mag-uwi sa sariling bansa ng limpak na tubo. Sige ang pagmimina ng mga dayuhang kompanya sa Nueva Vizcaya at iba pang bahagi ng rehiyon, kabilang ang diumanong “dredging” sa Ilog Cagayan na ang pangunahing layon ay magmina ng black magnetite sand.

Sa kabila ng matarik na pagbulusok ng kabuhayan ng mamamayan sa rehiyon, yumaman pa ang mga burukrata na sa kalakhan ay mga panginoong maylupa at malalaking negosyante rin. Sinasabayan ang pangkating Duterte sa pagsagpang ng kulimbat at kurakot ng mga gobernador na sina Manuel Mamba ng Cagayan, Rodito Albano ng Isabela at Dakila Cua ng Quirino, mga bise gobernador, mga kongresista na karamihan ay kabilang sa mga dinastikong pamilya sa mga lalawigan at distrito, at mga kontraktor na ang marami ay mga burukrata rin o di kaya’y kamag-anak ng mga nakaupo.

Lumaki pa ang dati nang malaking porsyento ng mga kabataang tumitigil sa pag-aaral. Dahil ito sa komersyalisasyon at mababang kalidad sa edukasyon, na pinasahol pa ng sistema ng “blended” at “distance learning” na ipinatupad sa panahon ng pandemya. Malaking porsyento ng mga kabataan at magulang nila ang walang kakayahang tugunan ang lumaking gastusin sa pag-aaral na nakaasa sa mga gadget at load, na pinalala pa ng kalagayang mahirap makasagap ng sapat na signal para makakonekta sa internet sa maraming lugar. Umaangal ang mga guro dahil sa salat na tulong mula sa rehimen sa kanilang pagtuturo na nakasalig sa laptop at iba pang mga gamit pang-online.

Dapat managot ang mga gobernador at karamihan sa mga meyor sa palyado at pabayang pagharap sa pandemyang COVID-19. Mas diniinan nila ang mga paulit-ulit na lockdown, na wala namang saysay dahil taas-baba-taas pa rin ang bilang ng kinakapitan dito, at walang pagsasaalang-alang sa karapatang-pantao. Samantala’y hindi mapagpasyang hinarap ng mga LGU ang mga pangunahing pangangailangan ng mamamayan sa panahon ng pandemya –ayuda para sa mga magsasaka, drayber ng traysikel at dyip, suportang pinansyal sa mga guro at estudyante, at libreng mass testing, tracing at isolation. Napakaliit na nga ang natanggap na relief ng mamamayan kaugnay ng pandemya, napakaliit din uli ito makaraang salantain sila mga bagyo at pagbaha noong Nobyembre.

Sa halip, pangunahing inatupag ng marami sa mga burukrata, pangunahin na si Manuel Mamba, ang pakikipagtulungan sa NTF-ELCAC sa imbi nitong kampanyang “kontra-insurhensya.” Aktibo sila sa mga huwad na pagpapasurender, pagpapagamit sa kampanyang psy-war ng militar sa media, at pagbraso at pambubuyo sa mga LGU sa ibaba nila na mag-aktibo rin sa kampanyang kontra-rebolusyonaryo.

Mula sa apat na pangmaniobrang batalyon ng Armed Forces of the Philippines na nakatalaga sa rehiyon noong 2017, pinalaki pa ito sa anim na batalyon nitong 2020. Maliban pa ito sa mobile force ng Philippine National Police. Pinalaki din ang pwersa ng CAGU sa rehiyon.

Laking-batalyon ang karaniwan bagama’t may mga pagkakataong halos laking-brigada ang tropang ipinanghahalihaw sa mga baryo at bayan sa karaniwang tagal na dalawang linggo, na umabot pa ng 3-4 linggo sa malalaking operasyon. Nagpapalipad ng mga surveillance drone at spy plane sa panahong wala pang mga operasyong militar. Tuwing may labanan, gumagamit ng 2-3 attack helicopter upang tugisin ang mga nakalabang yunit ng BHB. Sa panahong may operasyon, ikinakalat ng helicopter mula sa ere

ang mga polyetong kontra-BHB. Ilandaang milyong piso ang ginastos sa rehiyon sa mga operasyong militar sa nagdaang isang taon.

Taliwas sa pinalalabas ng AFP na nagbago na ang militar, nagaganap at nagaganap ang maraming kaso ng panggigipit, paninindak, panlalansi, pandarahas kabilang ang pagpaslang, pagsasamantala sa kababaihan, pagsira sa mga pananim, pagnanakaw sa pera at iba pang ari-arian ng masa, kapwa sa panahon ng mga operasyong kombat nila at kapag nakakampo o nagbababad nang matagal sa mga baryo.

Inuupuan nang mula mahigit isa hanggang dalawang taon ng mga tinaguriang Retooled Community Support Program (RCSP) ang kulumpon ng mga baryong prayoridad ng kanilang nakapokus na operasyong militar. Nagpapatawag ng mga miting, nagsasagawa ng pagsurbey sa populasyon, nagdaraos ng mga aktibidad na minsan ay dinadaluhan ng kumander ng batalyon at ilang opisyal ng munisipyo, namamahagi ng mga ballpen at papel para sa mga bata, at noodles at sardinas sa panahong may kalamidad, nagtatayo ng waiting shed, at iba pang pakitang-tao na lihim namang tinutuya ng mga masa.

Pero sa higit na mas malaking panahon ng pagbababad sa mga baryo, karaniwang ginagawa ng mga RCSP ang mag-inom, magsugal, magpalabas ng pornograpiya matapos lasingin ang mga kalalaking sibilyan, manligaw at gawing kalaguyo ang mga kababaihang anak o asawa ng masa, at mambarat sa pagbili ng alagang manok o baboy ng masa.

Itinutulak o binabraso ng militar ang mga municipal at barangay council, na ang ilan ay aktibong nakikipagtulungan sa militar pero ang higit na mas marami ay alangan o napilitan, na magdeklarang “persona non grata” ang BHB. Mga militar mismo ang nagsusulat ng resolusyon, nagpapapirma sa mga tao, nagpapadala sa mass media at nagpapaskil sa mga itinayo nilang billboard sa baryo.

Pinakapaboritong paulit-ulit na gawin ng mga opisyal militar ang mga huwad na “maramihang pagsurender ng mga dating kawal ng BHB at milisya nito.” Ito’y dahil malaki ang nakukurakot nila mula sa pondo ng Enhanced Comprehensive Local Integration Program (E-CLIP) ng rehimen.

Pinipilit ang mga barangay council na palahukin ang mga kababaryo nila sa mga rally na “nagkukundena” at “nagsusunog ng mga bandila” ng CPP-NPA. Mga militar mismo ang gumagawa ng mga plakard at tarpaulin, nagsasalita sa pagtitipon at gumagawa ng ipinamemoryang pahayag sa media ng mga ginipit nilang masa.

Sumusulong ang Digmang Bayan sa Rehiyon

Katulad ng kalakhang mga rehiyon sa buong bansa, nakapagpalakas ang hukbong bayan at sumulong ang digmang bayan sa Cagayan Valley sa pamamagitan ng magiting na rebolusyonaryong pakikidigma laban sa kontrarebolusyonaryong digma ng rehimeng US-Duterte. Pinanghawakan ng mga kumander at mandirigma ng BHB ang diwang opensiba, natutong makidigma sa pamamagitan ng pakikidigma, kritikal-sa-sariling humalaw ng mga aral mula sa karanasan at matapat na nagtuwid sa mga kamalian.

Lumawak at tumatag ang mga larangang gerilya. Habang nakakonsentra at nagtatagal ang malaking pwersa ng kaaway sa isang bahagi ng larangan o di kaya’y relatibong maluwag pa ang sitwasyong militar sa larangan, palihim namang binabawi ng mga yunit ng BHB ang ibang bahagi na matagal nang

naiwanan o di kaya'y sinisimulang konsolidahin iyong mga dati nang nabalikan. Sa gayo'y lumawak at lumalim ang baseng masa sa mga lugar na mabubundok, pumapatag, malapit sa haywey at tabing dagat. Nabuksan o napalakas ang dugtungan sa pagitan ng mga larangan, ng mga lalawigan, at ng rehiyon sa iba pang rehiyon.

Saanman bumabalik ang mga yunit ng BHB, matatamis na ngiti, mahihigpit na daop-palad at mainit na pakikitungo ang salubong ng mga masang nangulila o nakakabalita sa kanilang hukbo. Madulas at mabilis na nababawi ang tiwala at kapasyahan ng masa at naitatayo muli ang mga organisasyon nila dahil ibinubungad ng BHB ang pagharap sa mga isyu ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala, at gayundin ng pang-aapi sa mga pambansang minorya, mga mapangamkam-ng-lupang proyekto ng estado o pribadong kompanya, mapangwasak-sa-kabuhayan at mapanalanta-sa-kapaligiran na pagmimina, at pasistang terorismo ng estado.

Sa isang larangang gerilya, habang kinokonsentrahan ng malaking pwersa ng kaaway ang sentro at palibot ng baseng gerilya ay lumipat ang platung gerilya sa ibang bayan upang makaiwas sa masinsing paggalugad ng kaaway at makapagkonsolida na rin ng bagong erya. Pero ito'y makaraang makipaggitgitan ito sa pag-ugnay at pagpapakilos sa masa at paglulunsad ng opensiba sa mga unang arangkada ng nakapokus na operasyong militar ng kaaway.

Sa isa pang larangang gerilya, napalawak nito ang maniobrahan ng platung gerilya sa pamamagitan ng pagtatalaga ng mga iskwad sa pagrekober sa mga klaster ng mga baryo, habang ang pangunahing iskwad ay nagpalalim ng konsolidasyon sa klaster ng mga baryong nasa gitna ng mga nirerekober na klaster.

Upang huwag maagang pag-initan ng pagsupil ng kaaway ang kapupundar-muling baseng masa, itinitimpla ang gawaing militar sa pangunahing rebolusyonaryong pampulitikang tungkuling palawakin at panimulang patatagin ang baseng masa, at iniwasan ang mga aktibidad na madaling sumingaw at makahatak ng malaking reaksyon ng kaaway. Sa gayo'y magawang mas mabilis na makapagpatatag bago pa balingan ng kaaway ang narekober na klaster. Dapat iwasang agad na gasgasin ito sa panimulang yugto pa lamang ng pagbawiupang magawa nang makapagpatatag bago, o hindi tayo masorpresa at taman kapag, malakas na magreaksyon ang kaaway.

Bagama't may mga erya pang nabalikan at panimulang nakonsolida noong 2017 at 2018, kabilang ang kapatagan at mabundok na hangganan ng mga probinsya, ang hindi na nakilusan sa nagdaang dalawang taon. Dahil ito sa limitado pang bilang ng mga platung gerilya na makakayang sumaklaw sa mas malawak na erya ayon mga itinakdang prayoridad sa bawat panahon.

Sinikap ng mga larangang gerilya na balansehin ang relasyon ng pagpapalawak at pagpapatatag. Iniwasang mabuhos ang pagsisikap ng mga yunit ng BHB sa pagpapalawak at pagrekober sa napakalawak na erya habang hindi napapalapad at napapalalim ang mga dati nang kinokonsolidang klaster ng mga baryo at bayan o nakakakapaglitaw ng mga bagong pinapatatag na klaster. Iniiwasan din namang matali sa pagkilos sa mga klaster ng mga kinokonsolidang baryo habang hindi inaabot ang mga nirerekober at pinagpapalawakan.

Gayunman may lumilitaw pa ring kaso ng nagtatagal na pagkaiwan ng mga yunit ng BHB sa mga baseng gerilyang pokus ng atake ng kaaway at sa gayo'y malaya ang huli na makapaghasik ng lahat ng

anyo ng psy-war, panggigipit, paggamit sa taktikang “hatiin-at-pagharian”, paggamit ng inasukalang-bala at karahasan.

Pinanghahawakan ang positibong karanasan sa isang larangang gerilyang pinokusang dalawang batalyon. Hindi agad lumipat para umiwas ang platung gerilya, kundi nakipaggitgitan sa pamamagitan ng pakikipagpatintero sa kaaway habang naglulunsad ng operasyong militar at pinakikilos ang masa para sa masiglang kampanyang antipasista. Nang sumunod na panahon, piniling lumipat sa eryang hindi saklaw ng pokus ng atake ng kaaway upang magpalawak pa at magpaunlad ng bagong baseng gerilya.

Lumaki ang hukbong bayan sa rehiyon sa nakaraang isang taon. Pangunahing nagmula ang mga bagong rekluta sa mga dati nang pinapatatag na klaster ng mga baryo at may masiglang kampanya sa rebolusyong agraryo at gayundin sa mga narekober at napagpalawakang baryo sa nakaraan. Mas mulat at nagsisikap ngayon ang mga yunit ng BHB na maglunsad ng mga regular na kampanya sa pagrerekluta ng mga mandirigma; pero kailangan pang pasiglahin ito sa mga komite ng Partido at organisasyong masang pinamumunuan nila sa mga baryo at sa mga sektoral na kilusan.

Sinamantala ng mga yunit ng BHB ang paglulunsad ng mga batayang kursong pulitiko-militar at pagsasanay pangmedikal sa panahon ng ceasefire noong unang bahagi ng pagharap sa pandemya, at sa kalagayang nakalabas ang platung gerilya sa saklaw ng nakapokus na operasyong militar ng AFP at napapanahong magdaos ng pagsasanay.

Nireregularisa ang mga mobile platoon training, sa panahon mang nasa makilos na moda o sa mga panandaliang paghihimpil. Karaniwan na ang mga dry run at rehearsal sa mga pinaghahandaang aksyong militar. Bagama’t hindi na natuloy ang paglulunsad ng mas matataas na kurso at iba pang espesyal na pagsasanay bunga ng mga bara at aberya sa panahon ng mga lockdown.

Nakapaglunsad ng mga taktikal na opensiba at aksyon para ipatupad ang rebolusyonaryong batas. Nakasamsam tayo ng mga armas bagama’t kakaunti. Mahigit 50 ang kabuuang kaswalti sa mga regular na tropa at galamay ng kaaway sa mga aksyong ito ng BHB. Nasawi naman ang limang opisyal at kawal ng BHB sa naganap na limang deponsibang labanan.

Kalakhang atritibo ang mga nailunsad na opensiba sa nagdaang isang taon. Halos hindi nagkabunga ang mga pagsisikap nating ipanguna ang mga opensibang nakakalipol ng mga yunit ng kaaway at nakakasamsam ng armas habang pinararami pa ang mga aksyong atritibo. Nagmateryalisa ang ilang aksyong ginamitan ng eksplosibo pero kailangan pang palaganapin ang paggamit ng mga pasabog sa mas maraming mga yunit ng BHB at dumaraming mga yunit milisya.

Lumiit ang bilang ng mga taktikal na opensiba kumpara noong 2019 at ilang taon bago nito. Malakilaking panahon ang ginugol ng mga yunit gerilya sa pagdaraos ng mga pagsasanay, pagtugon sa panawagang ceasefire, mga panloob na konsolidasyon ng mga komite at yunit, at tahimik na pagrekober sa mga kabubukas-muling erya. Bukod sa mga ito, kailangan ding itaas ang kakayahan sa gawaing paniktik at kontra-paniktik ng maraming mga opisyal sa paniktik at mga yunit kumand bilang susi sa pagmateryalisa at pagsigla ng mga taktikal na opensiba.

Kailangang palakasin pa, bigyan ng pagsasanay at imaksimisa sa mga taktikal na opensiba at mga aktibidad ng BHB ang mga yunit milisya, yunit depensa sa baryo, kwerpo ng pagtatanggol-sa-sarili at mga organong pandigma sa hanay ng masa.

Pinagpupunyagiang ipatupad ang wastong timbangan ng gawaing militar at gawain sa hanay ng masa, na 60-40 pabor sa gawaing masa sa mga horisontal na pwersa at mas malaking porsyento naman pabor sa gawaing militar sa mga bertikal na pwersa. Nagagawa ito nang magkasabay dahil tinitiyak na may mga yunit na sabay na umaasikaso sa mga ito.

Kapag ang isang larangang gerilya ay nagdidiin sa isang panahon sa gawaing masa, dalawa sa mga yunit nito ang pangunahing humaharap sa gawaing masa habang ang isa pangyunit ay humaharap sa gawaing militar. Pero kapag nagdidiin naman sa gawaing militar sa isa pang panahon, ang dalawang yunit nito ang pangunahing humaharap sa gawaing militar habang ang isa pa ay sa gawaing masa. Sa mga anihilatibong labanan, buong platon ang pinakikilos, kasama ang ibang mga yunit milisya.

Nagpapakabihasa sa pagpapagana ng mga platang gerilya bilang saligang pormasyon ng BHB. Inaaral ang mga angkop na paraan at moda ng konsentrasyon, relatibong dispersal at paglipat ng platon ayon sa iba't ibang mga kalagayan at diin ng gawain. Itinutuwid ang ilang pabalik-balik na mga kahinaan katulad ng ilang buwang dispersal sa magkakalayong lugar ng mga iskwad ng platon; o ang kabila naman nito na laging konsentradong pagkilos ng platon. Ano't anumang, dapat tiyakin na laging may kakayahang pang-opensa at pandepensa ang platon sa anumang kalagayan.

Nagpapaunlad ang mga yunit ng BHB sa gerilyang pagkilos. Nagpapalitaw ng iba't iba at mga bagong ruta sa halip na makuntento sa iisa o dadalawang ruta na sa nakaraan ay nagasgas; pinipiling dumaan sa paikot at mas malayo ang distansya pero ligtas kaysa sa direktso at mas mabilis pero may amba ng panganib; mapagbantay sa pagtitiyak upang maikubli ang usok, hindi mabakasan, makontrol ang ingay, hindi mamatyagan ng drone o spy plane, at hindi mapadron ang galaw.

Kailangang magpaunlad pa tayo sa pagsasagawa ng sistema ng koordinasyon at tulungan sa pagitan ng iba't ibang mga kumand at yunit: sa pagitan ng pangrehiyong kumand sa operasyon at mga nakabababang kumand sa ilalim nito; sa pagitan ng mga kumand sa probinsya/subrehiyon at ng mga kumand sa larangan sa ilalim ng mga ito; sa pagitan ng bertikal na pwersa at horisontal na pwersa; sa pagpapakilos at pagmaksimisa sa mga staff ng kumand; at sa pagitan ng pangrehiyong kumand at ng pambansang kumand sa operasyon ng BHB.

Mapapalakas ang kakayahan at mapupunuan ang mga kulang sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba at pagpapaunlad ng mga kaugnay na gawaing kagaya ng paniktik at kontra-paniktik, pagsasanay militar, palitan ng mga impormasyon at pagpuno sa mga limitasyon ng mahinang yunit kapag masigla at mahigpit ang koordinasyon at tulungan. Patuloy na babakahin ang tunguhin sa pagkakanya-kanya lalo at malaki pa ang kailangan nating gawin sa pagpaparami at pagpapalakas ng mga yunit gerilya. Kailangang pasiglahin ang mga kumperensya at konsultasyon sa iba't ibang antas at saklaw kaugnay ng iba't ibang mga usapin at linya ng gawain.

Lumaki at tumatag ang baseng masa sa mga base at sonang gerilya sa 600 baryo sa 60 bayan sa apat na probinsya ng rehiyon. Daan-daang libo ang baseng masa sa mga larangang gerilya na ang puu-puong libo sa kanila ay organisado sa mga rebolusyonaryong organisasyong masa. Ilampung porsyento ang

inilaki ng mga organisado, mga komiteng pang-organisa at mga ganap na samahang masa. Ilampung porsyento pa ang inilaki ng bilang ng mga Pulang organo ng kapangyarihang pampulitika sa mga baryo.

Sa kabuuan ay hindi napatiklop, napatahimik o nahati-hati ng mababangis na atake ng kaaway ang mga rebolusyonyong mamamayan. Sa halip, pinapanday at pinatitigas pa ang rebolusyonyong paninindigan nila ng mga aktwal nilang nararanasang kontrarebolusyonyong katangian ng AFP at PNP gayundin ng mga utusang aso ni Duterte sa mga LGU. Sasandakot na mga oportunistang taksil lamang ang napahimod sa pundilyo ng militar.

Sa mga baryong pinagbabaran ng mga RCSP sa 2020, hinarap ito ng militanteng pagkumunda at paglaban ng mga mamamayan doon. Nagsalita sa mga fact-finding mission, sa media at iba pang pagtitipon ang mga biktima ng pasistang terorismo. Tumanggi ang mga aktibistang mag-report sa kampo at sa halip, pinili nilang pansamantalang lumipat ng matitirhan. Ang iba sa kanila ay kumanlong sa mga platung gerilya.

Sa ibang mga baryo naman, di nagtagal matapos umalis ang mga RCSP ay nagpulong ang mga sangay ng Partido at nagpasyang ituloy at itaas pa ang antas ng kanilang pagkakaorganisa at pamumuno sa baryo, ilunsad ang rebolusyong agraryo at magpasampa sa BHB.

Nailunsad sa nagdaang isang taon ang sari-saring kampanyang masa upang pagbutihin ang kalagayan at tugunan ang kapakanan ng masang magsasaka at iba pang mamamayan. Pangunahin sa mga ito ang paglaban sa mga anyo ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala; sa gayo'y nagkamit ang mga masa ng mga tagumpay laban sa pang-aagaw ng lupa, laban sa usura, laban sa mga anyo ng komersyanteng pandaraya, para sa mas mataas na sahod at mas mabuting kalagayan sa pagtatrabaho ng mga manggagawang bukid, at iba pang benepisyo. Bagama't sa limitado lamang na lugar at bilang ng mga kumilos na masa ang mga naisagawang ito.

Tumitibay ang kanilang pagtindig at lumalakas ang kanilang boses sa pagtutol sa militarisasyon sa kanilang baryo at bayan. Kahit nakababad ang mga RCSP, matapang nilang lihim na ipinamudmod sa kababaryo nila ang mga polyetong antipasista at maka-BHB, mga “warais” na nagbubunyi sa mga tagumpay ng masa dahil sa BHB at nananawagang sumapi sa BHB.

Mahusay silang gumagawa ng mga dahilan upang payagan ng militar na lumabas sila sa baryo, pero uugnay pala sa yunit ng BHB. May organisadong pagsunog sa dating pinagkumpuhan ng militar sa sentro ng baryo. Aktibo sila sa iba't ibang mga pagpapakilos kaugnay ng pagsuporta sa mga aktibidad at pangangailangan ng BHB, at ito'y kahit pa may nakaambang operasyon ng kaaway o rumaragasa na ang operasyon.

Patuloy na ipinatupad at pinalalakas ang absolutong pamumuno ng Partido sa mga yunit ng hukbong bayan. Tiniyak ang pang-ideolohiyang pagpapalakas ng mga kasapi ng Partido sa mga yunit ng BHB at gayundin sa mga organisasyong masa sa mga baryo. Nailunsad ang ilang mga batch ng pag-aaral ng Batayang Kurso ng Partido ng mga bagong mandirigma na karerekluta o marerekluta nang kandidatong kasapi ng Partido.

Nailunsad din ang Intermedyang Kurso ng Partido para sa mga bagong kadre ng Partido na mga bagong opisyal din ng BHB. Gayundin ang Abanteng Kurso ng Partido na dinaluhan ng mga kagawad ng mga

komite sa mga larangang gerilya, na mga opisyal din ng panlarangang kumand at kumand sa platun. Pinag-aralan ang lahat ng mga inilabas na memorandum at advisory mula sa Komite Sentral ng Partido.

Tiniyak ang pang-organisasyong pagpapalakas sa mga komite at grupo ng Partido sa BHB. Maagap na nirerekluta sa Partido at ipinapaloob sa sangay sa Hukbo ang mga bagong reklutang mandirigma na kwalipikado at sa gayo'y naging kasapi ng Partido ang 70-80 porsyento ng mga kawal ng Hukbo.

Ilang batch ng kursong pangkadre ng Partido ang inilunsad upang bigyang kaalaman ang mga nakabababang kadre ng Partido sa BHB sa mga prinsipyo, mga tungkulin at mga paraan sa pagpapatakbo at pamumuno ng mga komite. Naging mapangahas sa pagbibigay ng mas mabibigat na tungkulin sa mga bagong kadre, na karaniwang sila rin ang mga pinunong militar at pulitikal sa mga platun at iskwad.

Paigtingin ang Pakikidigmang Gerilya

Ang sitwasyon ng malalang krisis, tiranya at pandemya na humahalukay ngayon sa buong daigdig, buong bansa at buong rehiyon ay napakatabang lupa para magbangon at magmartsa sa rebolusyonaryong landas ang mamamayan. Isa itong eksplosibong sitwasyon na bunga ng maraming taong pagkaipon at pag-init, at ngayo't napipintong kumulo at bumulwak. Sa katunaya'y nagsimula nang magbangon ang milyun-milyong mamayan sa daigdig at sa bansa.

Napipigilan pa ng mga restriksyong ipinataw sa panahon ng pandemya at sa mabangis na panunupil ng estado ang umaapaw na kagustuhan ng mamamayan na magtipon upang magprotesta at humugos sa mga lansangan, bagama't naihahayag nila ito sa mga angkop at pleksibleng paraan. Sa tamang panahon, mayuyugyog ang bansa at ang iba pang panig ng mundo sa pagdaluyong ng lumalabang mamamayan.

Susing tungkulin ng mga kumand at yunit ng BHB na itaas ang kakayahan sa pagpapaigting sa malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya batay sa patuloy na lumalawak at lumalalim na baseng masa. Ang tungkuling ito ang buod ng iba't ibang mga tungkulin ng hukbong bayan sa kasalukuyang yugto ng digmang bayan na pinagsisilbi sa kagyat na layuning pamunuan ang napipintong pagdaluyong ng pakikibaka ng mamamayan. Ito ang linyang pampanalo natin upang maisulong ang digmang bayan sa mas mataas na antas.

Magpaunlad tayo sa pagpapasigla ng mga taktikal na opensiba bilang tulis ng sibat ng kabuuang malawak na paglaban ng mamamayan sa rehimeng Duterte sa iba't ibang mga paraang armado at di-armado. Ang mga opensiba ng BHB sa pangunahin ay nakalilipol ng mga yunit ng kaaway at nakasasamsam ng sandata, na kinukumbinahan ng mas marami pang mga atritibong labanan.

Para magmateryalisa ang mga opensiba, kailangang itaas ang kakayahan sa gawaing paniktik at sanayin at ihanda ang mga kumander at kawal sa paglulunsad ng mga anihilatibong labanan. Sa bawat taktikal na opensiba, laging inililina sa mamamayan na ito ay nakatuon sa paglaban, pagpapahina at pagpapataks sa papet, tirano at mandarambong na rehimeng Duterte. Kasabay nito, pagpunyagiang makaiwas sa mga dependibang labanan.

Mahigpit na kaakibat nito ang mapangahas at masikhay na pag-abot, pagpukaw at pagpapakilos sa lumalawak na hanay ng masa at lumalapad na seksyon ng mamamayan upang labanan ang naririyang mga anyo ng pagsasamantala at pang-aapi, na lahat ay nakaugnay sa paglaban upang patalsikin ang rehimen. Para magmateryalisa ang inaasam na malakihang pagpapakilos sa masa, kailangang mapangahas at matiyagang abutin upang iahita, edukahin, itaas ang antas ng kanilang pagkakaorganisa, pakapalin ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika at isabak sila nang isabak sa iba't ibang mga kampanya at kilusang masa.

Lumalaki at lumalakas ang BHB kapag sumusuong ito sa mga labanan. Tuluy-tuloy na ilunsad ang mga kampanya ng pagrerekluta ng mga Pulang kawal sa proseso ng pag-abot natin sa mas malawak na masa sa mga gawaing pagpapalawak at pagpapatatag, pangangasiwa sa mga gawain sa hanay ng masa katulad ng mga kampanya at kilusang masa, pagtatayo at pagpapalakas ng mga organisasyon at kapangyarihang pampulitika nila at pagkatapos ilunsad ang mga taktikal na opensiba. Pakilusin para rito ang dumaraming mga sangay sa lokalidad, yunit milisya at organisasyong masa.

Esensyal na kalangkap ng iba't iba nating mga gawain ang pagpapasigla sa gawaing propaganda. Itaas ang pagpapahalaga at kakayahan ng lahat ng kumand at yunit ng BHB at gayundin ng mga yunit milisya at mga organisasyong masa sa paggampan sa gawaing ito.

Magpaunlad pa tayo sa gawaing nagkakaisang prente. Malaki ang potensyal ng gawaing ito sa kalagayang lahat ng mga uri ay apektado sa krisis, tiranya at pandemya. Abutin at paramihin ang mga panggitnang pwersa at ibang kabilang sa nakatataas na uri na maaari nating makaisa, ito man ay sa batayan ng paglaban sa mga partikular na anyo ng pagsasamantala at pang-aapi, sa pagpapatalsik sa rehimeng Duterte o sa pagsuporta nila sa BHB at armadong pakikibaka.

Sa lahat ng panahon, laging tinitiyak na buhay at masigla ang gawaing pampulitika sa loob ng BHB, sa anyo ng mga regular na pag-aaral sa mga kursong pampulitika at pamPartido, pagtalakay sa mga napapanahong isyu at usapin na karaniwang nilalaman ng mga pahayagan at advisory, pagpapasigla sa tatlong larangan ng demokrasya at tatlong larangan ng pagkakaisa, at iba pang katulad.

Mataas ang kumpyansa natin na makakayang pangibabawan ang mga ga-bundok na kahirapan at pagsubok sa proseso ng paglulunsad ng digmang bayan at mailalagay ang BHB at buong rebolusyonaryong kilusan sa rehiyon sa matatag na pusisyong pamunuan ang masa sa kanilang pagdaluyong.

Mabuhay ang ika-52 anibersaryo ng pagkakatatag ng Bagong Hukbong Bayan!

Pangibabawan ang mga kahirapan, ipaghiganti ang pagkamatay ng mga martir at bayani ng rebolusyon at kamtin ang malalaking pagsulong ng digmang bayan!

Pasiglahin ang mga taktikal na opensiba at pamunuan ang pagdaluyong ng mga pakikibakang masa!

Paigpawin ang digmang bayan sa mas mataas na antas!

###